

# MGA THERAPEUTIC SA COVID-19

Oral at IV na mga Antiviral

Paxlovid

Molnupiravir

Remdesivir

Monoclonal na mga Antibody

Bebtelovimab

Pre-Exposure Prophylaxis

Evusheld

Bawasan ang paglala.  
at pagpapapaospital

Mask

Ihiwalay

Test

Kumonekta sa inyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan

Manatiling up-to-date sa bakuna laban sa COVID-19

**Nangangailangan ng tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan?**

Pumunta sa [findahealthcenter.hrsa.gov](https://findahealthcenter.hrsa.gov) upang makahanap ng pangkomunidad na sentrong pangkalusugan o tumawag sa 312-746-4835 para sa tulong.



**CDPH**

Chicago Department  
of Public Health

# Mga Therapeutic sa COVID-19

Kung ikaw ay magpositibo sa COVID-19, kasama ang sa home test, at nasa edad 65 taon gulang o mas matanda o mayroong kondisyon na naglalagay sa iyo sa mataas na peligro ng malubhang resulta ng COVID-19, agad na makipag-ugnayan sa isang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan para talakayin ang mga opsyon sa paggamot. **Dapat gawin sa lalong madaling panahon ang paggamot sa simula pa lang ng sintomas upang makatulong na maiwasan ang iyong panganib na ma-ospital at mamatay.**

Kung wala kang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, pumunta sa **[aspr.hhs.gov/TestToTreat](https://aspr.hhs.gov/TestToTreat)** o tumawag sa **1-800-232-0233** (TTY 1-888-720-7489, Linya ng Access at Impormasyon sa Kapansanan 1-888-677-1199) upang makahanap ng sentrong pangkalusugan ng komunidad o klinika ng parmasya na maaaring sumuri sa iyo at, kung karapat-dapat ka, ikonekta ka sa paggamot.

## Kasama sa mga paggamot sa COVID-19:

**ANG ORAL AT IV ANTIVIRALS** Paxlovid at molnupiravir ay mga tabletang iniinom sa pamamagitan ng bibig at dapat inumin sa loob ng limang araw mula nang magsimula ang mga sintomas. Ang Remdesivir ay ibinibigay sa pamamagitan ng ugat gamit ang IV infusion at dapat na ibigay sa loob ng 7 araw mula nang magsimula ang mga sintomas.

**ANG MONOCLONAL ANTIBODIES** (Bebtelovimab) ay mga gawa sa laboratoryo na protina na gumagaya sa abilidad ng immune system na labanan ang virus. Ibinibigay ito sa pamamagitan ng ugat gamit ang IV infusion at dapat na ibigay sa loob ng 7 araw mula nang magsimula ang mga sintomas.

**ANG PRE-EXPOSURE PROPHYLAXIS** Evusheld ay isang preventive monoclonal na antibody therapy para sa mga hindi nahawaan ng COVID-19 at may katamtaman hanggang sa matinding immune compromise, o para sa mga hindi nirerekomendahan ng pagpapabakuna dahil sa nagkaroon ito ng mga malubhang masamang reaksiyon (hal., malubhang reaksiyon sa allergy) sa bakuna laban sa COVID-19.

**Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [chi.gov/therapeutics](https://chi.gov/therapeutics)**